

# 1

*Yakap ang sariling tumatakbo siya sa dilim. Panay ang iyak niya at gustong-gusto na niyang sumigaw pero walang lumabas na boses. Nagmamakaawa na ang kanyang isipan at panay ang dasal niya dahil sa takot na nararamdaman. Alam kasi niyang nasa likuran lang niya ang mga lalaking humahabol sa kanya.*

*Dahil sa takot na nararamdaman, halos di na niya pansin ang walang hanggang kadiliman na tinatahak niya. Puno ng sukal ang paligid at ang malilinaw lang niyang mata ang tanging panlaban sa anumang nilalang o bagay na maaari niyang makabangga. Pero ayaw niyang lumingon lalo at naririnig niya ang tila halimaw na halakhak ng mga lalaking tumutugis sa kanya.*

*Nagpatuloy pa siya sa pagtakbo. Nang mapansin niyang parang malayo na siya sa mga masasamang loob ay bahagya siyang lumingon. At sa biglaan niyang pagharap muli sa lugar na pinanggalingan ay bumangga siya sa isang matipunong katawan.*

*“I-ikaw?” aniya sa taong ngayon ay kaharap na niya. Pamilyar na pamilyar ito dahil ito ang laging kasama niya kapag nasa panganib.*

*“Di ba sabi ko sa ‘yo, wag kang matatakot? Andito lang ako oras na kailangan mo. Hindi kita pababayaan. Mahal kita.”*

*Iyon lang at umiiyak na yumakap siyang muli sa lalaking iyon.*

Isang ringing tone ng isa sa mga paborito niyang kanta ang gumising kay Jasmine mula sa pagkakatulog. Napabalikwas tuloy siya sa pagkakahiga.

Ilang saglit siyang tila natulala at pagkuwa’y awtomatikong pinahid ang luhang namamalisbis pa rin sa kanyang mga pisngi. Oo, nag-away sila ng nobyong si Allan kagabi pero alam niyang hindi iyon ang dahilan ng pagluha niya.

Tila nawiwirduhan sa sariling hinagilap ang maliit na salamin sa side table ng kanyang kama, hayun at muli ay napagmasdan niya ang namumugtong mga mata. Ah, ilang gabi na rin naman kasi siyang nananaginip ng ganoon. Mga weird na panaginip na hindi niya maunawaan. Pero sa mga nagdaan niyang panaginip nitong mga nakalipas na araw, may isang consistent doon na hindi niya maaaring ipagkamali.

Ang lalaking laging nagtatanggol sa kanya!

“So what’s about that man in your dreams?”

Bahagyang iningusan ni Jasmine ang kaibigang bakla. Ito ang tinawagan niya para ikuwento ang mga karanasan sa panaginip na ngayon ay nagpapagulo na sa isip niya. Wala naman silang pasok sa opisina ng araw na iyon kaya inimbitahan na niya ito sa kanilang bahay.

“Ipinagluto kita ng paborito mong karekare at lumpiang ubod para naman healthy ang discussion natin ano? Pero pansin ko, kanina ka pa parang nabu-bore mula n’ong paulit-ulit kong ikuwento sa ‘yo ang tungkol sa mga panaginip ko.”

Uminom muna ng tubig ang kaibigan at pagkuwa’y hinarap siya.

“Alam mo, wala kasi akong makitang kakaiba d’un. Saka hula ko lagi lang kasi kayong nag-aaway ni Allan lately dahil kung anu-ano nga ang naiisip mong ginagawa niya like kulang ng oras sa ‘yo, parang may ibang babae... mga gano’ng bagay. Maybe that was the reason why you had a dream like this.”

“Alam mo, Joan,” tawag ni Jasmine dito mula

sa pangalan nitong John. “I mean it, inisip ko na rin na baka dahil nga iyon sa away namin ni Allan. Pero sister, talagang may mga oras na okay naman kami ni Allan pero still, iba mang lugar o pangyayari eh andun pa rin sa panaginip ko ang lalaking iyon na ang laging role ay ang ipagtanggol ako.”

“Ay, ang ganda mo! May *Superman* sa panaginip mo,” ani Joan na humagikgik pa.” Minsan sabihin mo sa lalaking ‘yon na sa panaginip ko naman pumasok. I’m sure hindi ka na babalikan n’un. Papaligayahin ko siya!”

“Puro ka naman biro eh,” aniyang bahagyang natawa. “Ang ikinakalungkot ko lang talaga, ni hindi ko makilala ang mukha niya. Lagi siyang nakatalikod.”

“Ay, baka chaka ang face!”

“Whatever. Gumugulo na siya sa isip ko. Tuwing magpi-pray ako bago matulog, di ko tuloy alam kung hihilingin kong mawala na siya sa panaginip ko o makilala ko man lang ang hitsura niya. Parang weird pero minsan naiisip ko na baka isa siya sa mga kakilala ko.”

“Teká,” ani Joan na naituro pa ang isang

hintuturo sa sentido. “Isa-isahin kaya natin ang mga boys sa buhay mo?”

“Boys? Hello! Isa lang ang boyfriend ko noh! At kahit na sabihin pang marami akong naging boyfriend, hindi naman ako nagsasabay.”

“Gaga ka talaga, masyado kang nagmamaliniis d’yan. Ang ibig kong sabihin eh ‘yung mga lalaki na nauugnay sa ‘yo. Like si Philip, ang dakila nating officemate na super dakila mong suitor na kahit ilang beses mo nang binasted at nagkakaroon ka ng bagong bf eh patuloy pa rin na nahuhumaling sa ‘yo. Malay mo, siya pala talaga ang lalaking tagapagtanggol mo sa panaginip.”

“Sa panaginip ko parang may feelings din ako dun sa lalaki eh. Friendship, babastedin ko ba ng ilang ulit si Philip kung sa tingin mo eh may feelings ako sa kanya kahit konti?”

“May punto ka d’un,” anito na sumandok muli ng kare-kare. “Bakit nga pala marami ang niluto mo? I guess, my take home pa ako nito.”

“Darating na sina Kuya mula sa seminar sa Cebu. Dito na raw sila manananghalian ni Kuya Jake. Pero marami pa din ‘yan kaya mag-

uwi ka para kay Nanay Lita.”

“Si Jake!” Bigla ay parang nagulat na banggit ng kaibigan. “Ang best friend na iyon ng kuya mo na super gentleman at talagang guwapo! Anyway, not to mention na best friend nga sila ng kuya mo na hunk din talaga. Kaya nga hipag na rin kita, best friend, di ba?”

Napahagikgik siya sa sinabi ni Joan.

“Alam mo, Jasmine my dear, I just want to point out to you na puwedeng si Jake pala ang lalaking nasa panaginip mo. Di ba sabi mo eh almost two years na siyang walang girlfriend? ‘Day, malay mo may pagtingin pala siya sa ‘yo. If I am not mistaken, may mga oras na nahuhuli kong malalagkit ang titig niya sa beauty mo. Unaware ka lang siguro.”

Ipokrita siya kung ide-deny sa sarili na hindi kinilig sa pahayag ng kaibigang bakla. Noon pa man ay crush na ni Jasmine si Jake. Wala pa silang relasyon noon ni Allan at kakahiwalay lamang niya sa isang kasintahan. Ang totoo ay alam din naman iyon ni Joan. Sinabi pa nga niya rito na manligaw lamang si Jake sa kanya ay hindi siya magdadalawang-isip na sagutin ito.

“Parang malabo kay Kuya Jake. Hindi na yata magmamahal ‘yon. Tuwa ko na lang kapag nalaman kong may gusto pala siya sa ‘kin. Baka i-break ko na si Allan pag nagkataon,” aniya pagkuwa’y napangiti. “Joke lang ha? Hindi naman ako ganoon.”

“Ang taray ha? Panay ang selos mo kay Allan at panay ang hinala mo d’un sa tao na nakikipagkita pa sa ex eh ibi-break mo pala agad ang umbaw kapag niligawan ka ni Fafa Jake.”

“Loka! Kaya nga biro lang. Sayang naman ang relationship namin ni Allan. Almost seven months na. Pero pinag-iisipan ko na talagang makipag-cool off muna sa kanya o kaya eh tuluyan na siyang i-break.”

“Anyways, history na nga palang maituturing dahil three months lang karaniwan nagla-last ang relationship mo sa mga nagiging jowa mo.”

Napahalakhak si Jasmine sa tinuran ng kaibigan. Totoo ang sinasabi nito. Madalas ay hindi na rin naman siya makatagal sa isang relasyon. May mga pagkakataon kasi na parang nararamdaman niya ang insincerity ng lalaki.

Ilang beses na siyang nawalan ng gana sa kanyang mga nagiging karelasyon. Nauuwi iyon sa pakikipaghiwalay. Oo, aminado siyang may nararating na silang parte na ginagawa ng magnobyong. Kahit marami ang alam niyang hindi naniniwalang virgin pa siya ay wala siyang pakialam. Ang mahalaga ay alam niya ang katotohanan. At nitong nakaraang mga pag-aaway nila ni Allan ay napapansin niyang tila bagot na rin ang lalaki sa kanilang relasyon. Hindi pa kasi sila umaabot sa puntong ganoon, ang isuko na niya ang sarili dito. Minsan tuloy ay nagdududa na rin siya sa totoong pagtingin nito sa kanya.

Nang matapos silang kumain ni Joan ay tumuloy na sila sa garden. Nagkape na muna sila habang hinihintay ang pagdating ng Kuya Alfred niya at ni Jake.

“Friend, may kilala ka bang manghuhula?”

“Bowket? Magpapahula ka?” Tumaas ang isang kilay nito.

“Kung sa ganoong paraan ko ba makikilala ang mystery hero ko eh bakit ba hindi ko subukan?”



“Si Jake na ‘yon,” anito na halatang nanunudyo. “Ganito na lang, kapag dumating si Jake na nakapulang damit pang-itaas, it means siya na marahil ang mystery hero mo. Well, let us say eighty-five percent sure na siya na nga.”

“Ano ka ba, hindi ko pa nakitang nagsuot ng pulang damit si Kuya Jake.”

“Iyon na nga ang dahilan kaya pinili ko ang pula. Parang hula na rin.”

Naiiling na napangiti si Jasmine. Pinipilit talaga ng kaibigan niya na si Jake ang lalaking nasa panaginip niya. Pero makalipas lamang ang ilang sandali at nang marinig niya ang pagparada ng taxi sa harapan ng kanilang bahay ay hindi na niya naiwasang kabahan. Alam niyang ang mga kuya na niya iyon. At sa pagbungad nga ng mga ito sa kanilang tarangkahan ay hindi siya agad nakakilos mula sa kinatatayuan habang si Joan naman ay panay ang pigil na hagikgik.

Pulang polo shirt kasi ang suot ni Jake!

## 2

Para pa rin siyang natutulala habang pinagmamasdan ang papalapit na binata. Nasa likuran ito ng kanyang Kuya Alfred at noon ay nakangiting nakatingin rin sa kanya. Pilit niyang inalis sa isip ang weird na pakiramdam at umaktong normal na sa harap ng dalawang bagong dating.

“Kuya,” aniyang yumakap sa kapatid bago tinanguan si Jake. “May pagkain na sa mesa. Medyo mainit pa ‘yon. Buti na lang at mas maaga ang dating n’yo.”

“Tamang-tama, gutom na kami ni Jake. Hi Joan!” bati ng kuya niya sa kanyang kaibigan.

“Hello!” tila kimi namang tugon noon.

“Sasamahan ko na kayo, Kuya, para may mag-asikaso sa inyo.”

“Naku hindi na. Okay na kami ni Jake. Baka makita n’yo pa ang lakas ng kain namin,” pabirong tugon nito. “Mukhang nagkukuwentuhan kayo ni Joan, eh.”

“Oo nga naman, Jasmine. Sa sarap mong magluto, mas gusto pa naming solohin ng kuya

mo ang mesa,” dugtong naman ni Jake.

Pakiwari ni Jasmine, sa kauna-unahang pagkakataon ay tila nagboses anghel ang lalaki nang banggitin ang pangalan niya. Dahil ba iyon sa pulang damit na suot nito?

“Ha? Ah eh sige, kumain na kayo. Kuya, ‘yung pasalubong ko ha?”

“Naku, marami. Mamaya ko na ibibigay. Meron din para kay Joan.”

Nang mawala na sa paningin nila ang dalawa ay agad siyang kinurot ni Joan sa tagiliran.

“Ui, ang loka at halatang natulala. Ako man, di ko iniisip na nakapula ang Jake mo.”

“Jake ko? Hello!”

Mayamaya ay tumunog ang kanyang phone. No number ang nakalagay doon kaya natiyak niyang iyon ay long distance call mula sa kanyang ama.

“Dad?”

“Anak, pauwi sina Mrs. Joson kasama si Troy. Do you still remember him?”

“Ahm... opo, Dad. I still remember him.”

Paano ba naman niya makakalimutan ang Troy Joson na iyon? Iyon na yata ang lalaking hindang-hindi na niya hahangaring maging kaibigan muli. Matindi pa rin ang hinanakit niya dito. Kasundo naman niya ang ina nito na si Mrs. Joson, pinsan ng kanyang madrasta. Nag-migrate na ang mga ito sa Amerika at tanging katiwala na lamang ang nagmimintina sa mansiyon na pag-aari ng mga ito na katabi ng bahay nila.

Para sa kanya, ang pag-uwing iyon ni Troy Joson ay hindi magandang balita. Kahit na nga sabihin pang bakasyon lamang ang habol nito sa Pilipinas, kailanman ay hindi niya hinangad na makita pang muli ang lalaki.

“I want to ask a favor from you and your brother. Dumating na ba siya galing Cebu? Tinatawagan ko s’ya kanina pero naka-off ata ang phone niya.”

“Kadarating lang ho nila, Dad. Kumakain ho sila ng lunch ni Kuya Jake.”

“Tatawagan ko na lang din siguro siya mamaya. Tungkol d’un sa sinasabi ko, pwede bang kayo na ang sumundo bukas kina Ate Marga at Troy?”

Sa tono ng salita ng kanyang ama ay alam ni Jasmine na hindi nila ito puwedeng tanggihan. Kunsabagay, puwede naman siyang magdahilan sa kuya niya na may importante siyang lakad bukas kaya mapapakiusapan niya siguro ito na ito na lang ang sumundo sa mag-ina.

“Okay, Dad, sasabihin ko na lang ho kay Kuya.”

“Thanks, hija. I will give your phone number to Troy para in case na...”

“Dad, no!” Bigla ang naging reaksiyon niya.

“But why?”

“Dad, k-kasi...”

“Until now, may tampo ka pa rin ba sa kanya?”

Gusto sana niyang sabihin na matinding hinanakit at hindi tampo lang ang nararamdaman niya para kay Troy, pero alam niyang hindi niya kailangang bigyan ng ganoong isipin ang ama.

“Of course not, Dad. Parang away-bata lang ho ‘yung nangyari sa amin dati ni Troy. If you can still recall, high school pa lang ho kami that time. Kay Kuya na lang hong phone number

ang ibigay n'yo sa kanya kasi baka bukas eh may puntahan ako. I guess si Kuya na ho ang papakiusapan kong sumundo sa kanila.”

“Okay, sige. Anyway, you can use any of their car. Alam na daw iyon ng caretaker nila at from time to time naman daw iyong naikokondisyon kaya walang problema.”

Mas mabuti na rin iyon, naisip ni Jasmine. May kotse nga ang kuya niya pero secondhand iyon at minsan pa ay tumitirik sa gitna ng kalsada. Malamang pintasan pa iyon ni Troy dahil kabisado niya ang kayabangan ng lalaki.

Ilang sandali pa silang nagkuwentuhan at nagkumustahan bago magpaalam. Sinabi muli nito na tatawagan din ang kuya niya. Nawala sa mood na bumalik si Jasmine sa garden set.

“Daddy mo?”

“Yep.”

“Bakit parang nawala ka sa mood? Napagalitan ka ba?”

“Of course not.”

“Eh, bakit nga nawala ka sa mood.”

“Wala lang ‘yun. Friend, puwede mo ba

akong samahan bukas? Mga 10 am,” sabi niya, iniba ang paksa. Ayaw na niyang mabanggit ang napag-usapan nilang mag-ama.

“Saan naman?”

“Naisip ko lang na puntahan na kaya si Allan? A surprise visit.”

“Aba, ang taray mo ha? Huwag mong sabihin na ikaw na ang gagawa ng way para habulin siya. ‘Wag gan’un, friend.”

“Hindi ko siya hahabulin. Naisip ko lang na kausapin na siya. I really want to end up things now with him. I guess, hindi na masi-save ang relationship namin.”

“Can I join you two?”

Pareho silang nabigla at sabay na napalingon ni Joan nang bumulaga sa may pintuan palabas ng sala si Jake. May hawak na rin itong tasa ng medyo umuusok pang kape. Sa hitsura ay ngiting-ngiti ito at parang masaya.

“Oh sure, *Superman!*” Si Joan ang sumagot sabay ang isang lihim na kindat sa kanya.

“*Superman?*” anang lalaki na natatawa habang papalapit sa kanila.

“Superhero. Puwede ka naman sigurong maging character ni *Superman* ano? ‘Yun bang tipong knight in shining armor.” Sa malas ay tila hindi titigil si Joan ng panunudyo sa kanya.

“But of course.” Parang nakikisakay namang sang-ayon ni Jake. “Lalo na sa babaeng gusto kong protektahan.”

Hindi niya alam ang magiging reaksiyon sa tinuran ng lalaki. Si Joan ay halatang pinipigil ang hagikgik.

“Excuse me,” anitong tumindig na. “Punta lang ako sa banyo.”

Alam ni Jasmine na gusto lang silang iwan ni Joan. At sa kauna-unahang pagkakataon, tila ninenerbiyos siyang makaharap ng nag-iisa si Jake.

“Witty talaga iyang friend mo, ano?” komento nito.

“Ay, oo naman. Dapat nga nasanay ka na doon. Tatal, katulad mo eh lagi din siyang narito. S-si Kuya nga pala?”

“Naghuhugas ng pinggan.” Humigop ito ng kape. “Tinutulungan ko ulit magligpit ng pinagkainan pero tulad ng dati, ayaw. Baka



daw kayo ipisin.”

“Mapamahiin talaga iyang si Kuya.”

“At least nakatulong ang pagiging mapamahiin niya.”

“S-saan?”

“Nagkaroon ako ng chance na makausap kang nag-iisa.”

Kahit hindi nakatingin sa salamin, alam niyang pinamulahan siya ng mukha.

“Kuya Jake talaga.”

“Totoo iyon,” anito sa seryosong tono.

Hindi na siya nakaimik. Parang may kung anong bumara sa kanyang lalamunan. Si Jake na nga ba ang lalaki sa kanyang panaginip?

“May narinig nga pala ako kanina. About your boyfriend. Totoo ba iyon?”

Bahagya lang siyang napatango sa tanong ng lalaki.

“Niloloko ka ba niya?” Sa pagsasalita ay bahagyang tumigas ang tinig ng lalaki. Tila galit.

*Ang Lalaki sa Aking Panaginip by Sheryl Gerolaga*

---

“H-hindi naman sa gan’un, Kuya Jake. Kaya lang, parang wala na kaming time sa isa’t isa, lagi pa kaming nag-aaway ng dahil lang sa maliliit na bagay. I-I want to end things with him para na rin siguro makalaya na rin ako sa kung anu-anong isipin.”

Napatangu-tango ang guwapong binata. May sumilay na ngiti sa mga labi nito na parang pilit itinatago. Nagulat pa siya nang ipatong nito ang palad sa kaliwa niyang kamay.

“Anuman ang mangyari, Jasmine, I’m just here to help you. Anytime.”

Ngumiti na lang siya sa lalaki. Kasabay noon ang isang pakiramdam na hindi pa rin niya maipaliwanag. Ito na nga ba ang lalaki sa kanyang panaginip?

### 3

Pumayag ang kanyang Kuya Alfred niya na solong sumundo sa mag-inang Joson. Naikatuwiran kasi niya na importante ang lakad nila ni Joan noong umagang iyon. Habang sakay nga ng taxi patungo sa bahay nina Allan ay hindi niya mapigilang kabahan. Talaga bang handa na siyang makipagkalas sa nobyo o panghihinayangan pa rin ba niya ang pitong buwan na nilang relasyon?

Ang totoo ay hindi na ganoon katindi ang damdamin niya sa lalaki. Hindi niya alam kung dala iyon ng pambabalewala nito sa kanya ng mga nakaraang lingo. Kung anuman ang mangyari sa magiging takbo ng usapan nila ay doon na niya ibabatay kung tuluyan na ba niyang hihiwalayan ito.

“Hoy, Jasmine, naglalakbay na naman ang utak mo. Huwag mong sabihin na nagbago na ang isip mong hiwalayan ang Allan na iyon!”

“Hindi naman, Joan. Iniisip ko lang kung paano ako makikipaghiwalay sa kanya. Saka tiyak na magugulat iyon dahil hindi man lang ako nag-text o tumawag para sabihin na

darating tayo ngayon sa kanila.”

“Haller! Tatawag ka para ano? Para sabihin na papasyal tayo ngayon sa kanila para i-break siya? Nakakatawa naman iyon, di ba? Saka kadakilaan na yatang maituturing na ikaw ang halos araw-araw na nagti-text sa kanya pero sa isandaan mong text eh isa lang ang kanyang reply. Aba, ilang beses na ba niyang sinaktan ang damdamin mo?”

“Ay friend, exag ka!”

“Whatever! Payo ng isang tunay na kaibigan, i-break mo na ang Allan na iyon, ano!”

Natawa na siya rito.

Sa may kanto na medyo malayo pa sa bahay nina Allan siya pumara. Bagay na ipinagtaka ni Joan.

“Bakit dito?”

“Mga ganitong oras kasi, madalas tambay siya sa porch ng bahay nila o kaya sa may garden. Ayokong makita niya agad ako na bumababa ng taxi sa mismong tapat ng bahay nila.”

“Eh ano nama’ng pagkakaiba ng ganitong naglalakad tayo pagbungad sa kanila?”

“Friend, sige na naman. Papameryendahin naman kita mamaya sa favorite pizza parlor mo.”

“Hay naku, sige na nga,” anito na napaingos na lamang. “Sasakyan ko na lang ang mga kalokahan mo.”

“Thank you, friend.” Napangiti si Jasmine. Alam kasi niya na hindi naman talaga siya matitiis nito.

Malapit na sila sa bahay nina Allan nang biglang bumukas ang tarangkahan noon. At sa pagkabigla ay lumabas doon ang nobyo, may babaeng kaakbay!

“Oh my goodness!” Si Joan ang biglaang nag-react.

Sa matinding pagkabigla ay nagmamadaling sumugod siya patungo sa kinaroroonan ng dalawa. Habol-habol naman siya ni Joan pero hindi nito nagawang pigilan siya.

“Hi, Allan!” Sarkastiko ang ngiti niya nang batiin ang lalaking noon ay namumutla na.

“J-Jasmine, ano’ng ginagawa mo rito?”

“I want to visit you sana eh. A surprise visit

but I guess, ako ang na-surprise.”

“C-can we talk about this some other time?”  
Halata ang pakikiusap sa tono ng lalaki.

“Babe, who is she?” anang babae na nasa anyo din ang iritasyon.

“Oh, ‘babe’ pala ang endearment n’yo? ‘Mahal’ naman ang tawagan namin sa isa’t isa. Mahal, as in love sa English at amor sa Spanish!”

“J-Jasmine ,please!”

“Please ka d’yan! I-please mo mukha mo! Sana deretsahan kang nakipaghiwalay para hindi na ‘ko umasang masi-save pa ‘yung seven months na relasyon natin,” inis na sabi niya sabay sampal dito.” Hayan! Nagpunta lang naman ako rito para makipag-break sa ‘yo!” sigaw pa niya sabay talikod. Nang medyo makalayo na ay saka sumungaw ang masaganang luha mula sa kanyang mga mata.

Awang-awa siya sa sarili.

Sa pizza parlor kung saan sila tumuloy ni Joan ay hindi pa rin maampat ang luha sa kanyang

mga mata. Kahit ganoon ay tuloy naman ang kain niya. Tila nga doon niya ibinubuhos ang lahat ng sama ng loob.

“Friend, mahal mo ba talaga ang walanghiyang Allan na ‘yon? Sinasayang mo ang luha mo sa kanya.”

“Hindi naman sa ganoon. Pero, friend, parang hindi ko matanggap na may isang lalaki na namang nanloko sa ‘kin. Ibig sabihin ba eh hindi talaga ako ‘yung tipo ng babaeng sineseryoso? Ang sakit sa n’un ha?” sagot ni Jasmine sabay pahid ng luha.

“Hayaan mo na. Mas maganda na nga na nahuli natin sa akto ang Allan na iyon. Hindi ka na niya mabobola this time sa mga alibi niya. Naging madali nga ang lahat para makipaghiwalay ka ng tuluyan sa kanya.”

“Punta muna ako sa rest room.”

Sa loob ng cubicle ng rest room ay impit na siyang napahagulgol. Napakasakit kasi na si Allan ay katulad din ng ibang lalaki na iisa lang ang hangad sa kanya. Naisip niya, wala na ba talagang lalaki na puwede siyang seryosohin? Ang sakit-sakit talaga niyon sa

kanya. Nasa ganoon siyang kalagayan nang biglang tumunog ang kanyang phone. Ang kuya niya iyon. Huminga siya nang malalim para hindi nito mahalata na galing siya sa pag-iyak bago niya iyon sinagot.

“Oh, Kuya?” ani Jasmine sa pinasiglang tinig. “Pauwi na din kami mayamaya ni Joan. Nagla-lunch na kami dito sa labas.”

“Ah gan’un ba? Andito kasi ako kina Mrs. Josen, dito na kami sa bahay nila. Pinapapunta ka rito. Nagpahanda kasi sila eh.”

“Naku, hindi na, Kuya. Paki-excuse mo na ako sa kanila kasi nagla-lunch na kami ni Joan. Some other time na lang siguro. At saka I forgot, dadaan pa nga pala kami ng mall. May nakalimutan akong bilhin na item para sa office namin.”

“O sige, basta ingat kayo ha?”

“Don’t worry kuya, we will.”

“Hinahanap ka nga pala ni Troy. Dalaw daw siya sa atin para makausap ka.”

Parang umakyat muli ang dugo sa ulo niya nang mabanggit ang pangalan nito. Pero hindi siya nagpahalata sa kapatid. At pilit rin niyang



itinatanggi sa sarili na may excitement siyang nadama nang mabanggit ang pangalan ng lalaki. Gusto niyang panatilihin ang inis doon.

“Kung mamaya siya pupunta, malabong abutan niya ako. Nag-aya pa kasi si Joan na manood ng sine.”

“Akala ko ba may bibilhin lang kayo?”

“Kasabay na noon ang panonood ng sine. Saka, Kuya, sa labas na din kami magdi-dinner.”

Hindi na nag-react pa si Alfred. Nagbilin na lamang ito na mag-iingat sila. Nakahinga naman siya nang maluwag. Ewan ba niya, parang hindi pa talaga siya handang harapin ang Troy Josen na iyon. Yayayain na lamang niya si Joan na manood ng sine para tuluyang makaiwas.

Katatapos pa lang nilang mag-usap ng kuya niya nang maka-receive ng text message. At laking gulat niya dahil mula iyon sa kanyang Kuya Jake. Binati lamang siya ng ‘good am’ ng binata at sinabi rin na lagi siyang mag-iingat.

Kahit puno ng hinanakit ang kanyang dibdib ay hindi niya napigilang mapangiti. Pogi points na namang dagdag sa binata ang mapasaya

siya kahit sa munting mensahe nito. Medyo masigla na ng bumalik siya kay Joan.

“Himala, medyo nakangiti ka na yata ngayon?” anang bakla pagbungad niya dito.

“Nag-text si Kuya Jake.”

“Jake na lang.”

“Oh sige na nga, Jake na lang. Nag-text siya. Bumati lang tapos sabi mag-iingat daw ako lagi. Nakakatuwa naman kasi hindi naman siya dati nagte-text eh.”

“Kaya ka masaya?”

“Sort of.” Napangiti ulit siya. “Saka ayokong umiyak muna, ano? Kasi baka sumakit ang ulo ko eh mag-sa-shopping pa tayo at saka manonood ng sine. Dito na rin tayo sa labas magdi-dinner ha?”

“Ay friend, wala na akong pera ha? Umaatake na naman ang ganyang habit mo kapag masama ang loob sa isang tao.”

“Ano ka ba? Treat ko.”

“Ano pa ba’ng hinihintay natin? Ubusin na natin ang pagkain dito para makalipat na tayo sa mall.”

Natawa na lamang si Jasmine.

Isang American comedy film ang napili nilang panoorin. Sa loob ng sinehan ay pilit niyang naitututok ang konsentrasyon sa pinapanood pero wala talaga doon ang kanyang isip. Naglalakbay ang isip ni Jasmine sa matinding dahilan kung bakit siya naroon ngayon.

Dahil sa pag-iwas niya kay Troy.

Ilang taon na ang lumipas pero hindi niya malaman kung bakit parang may kung anong sundot pa rin ng sakit sa kalooban ang ginawa sa kanya ng lalaki. Kung tutuusin ay hindi na nga niya iyon dapat pang bigyan ng pansin. Hindi ba at nakailang nobyo na siya sa pagtatangkang malimutan ang mga ginawa nito sa kanya, at para na rin malimutan ito?

Oo, minsan sa buhay niya ay minahal niya nang sobra si Troy. Pero kinamuhian din niya ito. Pagkamuhing dala pa rin niya hanggang ngayon sa kanyang dibdib. At ayaw niyang ipagkamali na ang pagkamuhing iyon ay dahil may damdamin pa rin siya para sa lalaki.

*Grade six noon si Jasmine at kamamatay lang*

*Ang Lalaki sa Aking Panaginip by Sheryl Gerolaga*

---

ng ina. Na-amaze nga siya dahil sa laki ng mga kabahayan doon. Ibig sabihin ay mayayaman ang nakatira sa lugar na iyon.

Nanibago talaga siya sa bagong kapaligiran. Paano ay tahimik ang lugar. Sa dati kasing tinitirhan ay magulo ang paligid na hatinggabi na ay marami pa ring tambay. Pero dito sa bago nilang tirahan ay tila wala siyang nakikitang bata na gumagala.

Ah, hindi pala. Dahil bigla ay lumabas sa malaking gate ng kapitbahay nila ang isang batang lalaki na nakabisikleta. Sa tingin niya ay kaedad niya ito. Unang kita pa lamang niya sa lalaki ay may paghanga na siyang naramdaman. Guwapo kasi ito at mestisuhin.

“Hi!” Ngumiti ito at lumapit sa kanya. “You’re new here, right?”

Agad siyang nataranta. Inglisero pala. Hindi pa naman siya sanay magsalita ng Ingles. Dahil doon ay hindi agad siya nakasagot. Napansin yata ng batang lalaki ang medyo pamumutla niya natawa ito.

“Ako nga pala si Troy. Kapitbahay n’yo lang kami. D’yan ako nakatira oh.”

Nakahinga siya ng maluwag. Paano ay marunong

*din naman pala itong mag-Tagalog. Tinakot pa siya.*

*“Jasmine. Bagong lipat kami dito. N’ung makalawa lang.”*

*“Ah oo. Nakita ko nga ‘yung isang trak na tumigil d’yan at nagbaba ng mga gamit. Kelan lang nabuo iyang bahay n’yo. N’ung ginagawa nga iyan, lagi kong iniisip kung sino ang titira d’yan. Teka, bakit ka nga pala andito sa labas? Hindi ka ba natatakot na bagong lipat lang kayo dito eh nasa labas ka na pero wala ka pa naman yatang kakilala?”*

*“Sa amin kasi dati, marami akong kalaro. Ikaw pa lang ang nakita ko na gumala dito sa kalsada.”*

*Napangiti si Troy.*

*“Huwag kang magtaka. Karamihan sa mga bata dito nasa park, kasama ang mga yaya nila. Medyo malayo nga lang ng konti ‘yun. Pero kung gusto mong makita dadalhin kita minsan gamit itong bisikleta ko.”*

*“Iaangkas mo ako?”*

*“Oo naman, magaling naman akong magbisikleta eh. Hindi kita ihuhulog.”*

*“May bisikleta din naman ako, pero nasa loob ng bahay. Ayaw pa munang ipagamit ng daddy ko kasi*

*hindi ko pa naman daw kilala ang mga tagarito.”*

*“Eh di magpapakilala ako sa kanya, para mapayagan ka na niyang magbisikleta. “*

*“Sige!” excited niyang sagot. “ ‘Lika sa loob. Oras na ng meryenda. Naroon sina Daddy at Kuya Alfred ko. Ipapakilala kita.”*

*“Okay.”*

*Iyon ang simula ng pagiging magkaibigan nila ni Troy. Sa una ay ganoon lang kasimple ang kanilang samahan. Magkasama silang nagbibisikleta, nagmimeryenda kung minsan ay sa kanila at kung minsan naman ay kina Troy. Magkakilala na nga ang kanilang pamilya dahil sa kanilang dalawa. Sobrang at ease siya sa lalaki dahil para hindi na siya maghanap pa ng ibang kalaro sa lugar nila. Hanggang isang araw ay may makipagkilala sa kanya. Si Henry, mas matanda sa kanya ng isang taon. Sa park ng subdivision din niya ito nakilala pero hindi nagbibisikleta ang lalaki. Naka-motorbike ito. Bumibili ng meryenda ang kaibigan nang lumapit sa kanya ang lalaki. Nakaupo siya noon sa isang bench sa park.*

*“Gusto mong sumakay sa motorbike ko? Stroll tayo dito sa subdivision,” anang lalaki matapos ang*

*ilang sandali nilang pagkukuwentuhan. “Kilala ko din naman si Troy, ‘yung friend mo. Sabi ko nga sa kanya magpabili na rin ng motorbike. Hindi na kasi uso ang bike eh.”*

*“Hindi naman ako puwedeng sumama sa ‘yo kasi baka mawala ang bike ko.”*

*“Okay lang ‘yan. Teka lang ha?” Tumayo ito sabay kuha sa bisikleta niya.*

*“Uy, teka!” aniyang nabigla sa ginawa ng lalaki. Sinundan niya ito at saka lang nalaman na ibinilin muna nito sa guwardiya ng park ang kanyang bisikleta.*

*“Tara na!” sabi nito at hinatak na siya sa kamay.*

*“P-pero...”*

*Hindi na siya nakatanggi sa lalaki. Ang eksenang paalis na sila ni Henry angkas ng motorbike nito ang inabutan ni Troy. Doon din nagsimula ang unang tampuhan nila ng lalaki.*

*Panay ang tawa ng mga tao sa sinehan dahil sa pinapanood. Kabilang na nga si Joan na ang lakas-lakas ng tawa at medyo hinahampas pa siya sa balikat. Dahil madilim naman sa sinehan ay hindi nito napapansin na halos blangko ang kanyang ekspresyon sa pinapanood.*

Napalo si Jasmine ng daddy niya noon. Unang beses iyong ginawa ng kanyang ama kaharap pa si Troy. Naisumbong kasi nito na sumama nga siya sa kakikilala pa lamang na si Henry. Ang sama-sama ng loob niya noon sa kaibigan. Hindi man lang nito hinintay na makabalik siya sa park at makapagpaliwanag siya. Hinanap talaga siya ng kanyang ama at nang makita siya ay pinatigil noon ang motorbike ni Henry saka siya mahinahong pinauwi. Kasama pa nga nito si Troy sa paghahanap sa kanya.

Ilang linggo niyang hindi kinausap si Troy. Talagang napakasama ng loob niya sa lalaki bukod sa pagkapahiya pa dito dahil kaharap nga ito nang mapagbuhatan siya ng kamay ng kanyang daddy. Hindi na rin siya lumalabas ng bahay o pumupunta sa parke. Hanggang isang araw na nagbibisikleta siya sa loob ng kanilang bakuran ay pumasok ito, may hawak na gadget.

“Pssst!” Nakangiti at tila nang-aasar na tawag nito sa kanya. Hindi naman niya ito pinansin.

Naupo na lamang si Troy sa kanilang garden chair at halata na sadyang nagparinig sa kanya.

“Ang ganda naman nitong padala ni Daddy na Game Boy. Kahit saan ka pumunta eh puwedeng



*dalhin. Unlike family computer. Andami pang games na puwedeng pagpilian.”*

*Saka lamang napansin ni Jasmine ang hawak nitong laruan. Iyon ang pinakasikat ng mga panahong iyon. Curious na napalapit tuloy siya sa lalaki.*

*“Patingin naman.”*

*Hindi siya tinugon ng lalaki. Mayamaya ay humagalpak na ito ng tawa.*

*“Hindi ka rin pala makakatiis ano?”*

*“Ang yabang mo talaga!”*

*“Kaya lang naman kita naisumbong sa daddy mo kasi kilala ko ang Henry na iyon. Mayabang. Sumama ka pa kasi sa kanya.”*

*Umingos na lamang siya sa lalaki.*

*“Huwag ka nang magalit sa ‘kin oh. Ang hirap ng walang makasama sa park.”*

*“Ano ka ba? Eh ikaw nga ang maraming kakilala sa mga batang and’un eh.”*

*“Ikaw nga kasi ang gusto kong kasama. Ano, bati na tayo ha?”*

*“Sige, pero ipahiram mo muna sa akin ang Game*

Boy mo. Nagpapabili nga si Kuya kay Daddy pero mahal daw ang ganyan eh.”

“Okay, ganito na lang. One week sa iyo ito tapos one week sa akin naman. Weekly eh magpalitan tayo sa paggamit.”

“Talaga?” Napapalakpak pa si Jasmine sa tuwa.

“Oo naman. Basta hindi ka na galit sa akin ha?”

“Hindi na, promise!”

Iyon lang at lagi na naman silang magkasama ni Troy. Magkaiba man sila ng paaralang pinapasukan noong high school ay hindi nawawala ang communication nila. Nang mga panahong iyon ay girlfriend na ng daddy niya ang pinsan ng mommy ni Troy. Dahilan para lalo pang magkalapit ang kanilang pamilya.

Nagsimula na ring umusbong ang kakaibang damdamin niya para sa lalaki. Lalo na noong mag-transfer ito sa paaralang pinapasukan niya noong fourth year high school na sila. Sa States na kasi ito magka-college at gusto raw nitong magkasama sila sa iisang paaralan hanggang maka-graduate ng high school. Lalong napalapit ang puso ni Jasmine sa kababata. Pero doon din nagsimula ang lahat ng hinanakit at sama ng loob niya sa lalaki.